

## MABUBUTING GAWI SA PAGLINANG NG KASANAYAN SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA JUNIOR HIGH SCHOOL

Suhaima A. Borah<sup>1</sup>, Keris D. Guadalquiver<sup>2</sup>, Harnalyn V. Layam<sup>3</sup>,  
Anna Marie C. Mendoza<sup>4</sup>, & Jacob James B. Antesing<sup>5</sup>

<sup>1, 2, 3, &4</sup> Master of Arts in Education Major in Language Teaching (Filipino), Western Mindanao State University,

<sup>5</sup> Undergraduate Student, Bachelor of Secondary Education, Western Mindanao State University.

**ABSTRACT :** The analysis of this study contains Effective Strategies in the cultivation of reading skills of Junior High School students. The researchers used Descriptive Research or Qualitative Research in the recent survey that was developed by Thirty-six participants from three different schools in Zamboanga City. With the help of Thematic Coding, SQ3R, Marungko Approach, Peer Teaching and Graphic Organizer are some of the strategies that have been proven effective. Teachers also discovered that they used different methods to get students used to understand and read different types of text. This study proves that the Topdown Theory, where readers are active in using their prior knowledge, has a big role in understanding texts or reading materials.

**KEYWORDS -** *Effective Strategy, Filipino, IMRaD*

**ABSTRAK:** Ang pagsusuri ng pag-aaaral na ito ay naglalaman ng mga Epektibong Estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa Pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School. Gumamit ang mga mananaliksik ng Deskriptibong Pananaliksik o Qualitative Research sa kanuulang sarbey na binuo ng Tatlungpa'ng anim na kalahok mula sa tatlong paaralan sa Zamboanga City. Sa tulong ng Thematic Coding, limabas na ang SQ3R, Marungko Approach, Peer Teaching at Graphic Organizer ay iilan sa mga Estratehiyang napatunayang epektibo. Natuklasan rin ng mga Guro ay gumamit ng iba't ibang paraan upang masanay ang mga mag-aaral sa pagunawa at pagbasa ng iba't ibang uri ng teksto. Ang pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang Teoryang Top-down, kung saan aktibo ang mga mambabasa sa paggamit ng kanilang naunang kaalaman ay may malaking papel sap ag-unawa ng mga teksto o babasahin.

**MGA SUSING SALITA:** *Epektibong Estratehiya, Filipino, IMRaD*

### I.PANIMULA

Ang Pagbasa ay isa sa apat na makrong kasanayang pangwika. Ito ay pagkilala ng mga simbolo o sagisag na nakalimbag at pagpapakahulugan o interpretasyon sa mga ideya o kaisipan na gusto ng manunulat na ilipat sa kaisipan ng mambabasa. Ito ay nangangailangan nang kakayahang pangkaisipan dahil nalalaman ang tunog (Ponema) ng naisusulat na letra. Ang pagbasa ay pagkilala at pagkuha ng mga idea at kaisipan sa mga sagisag na nakalimbag, isa ito sa makrong kasanayang pangwika at isa sa mga pinakagamitin sa lahat.

Ang pagbasa ay isa sa mga mahahalagang makrong kasanayan na dapat patuloy na nalilinan. Mahalaga ito hindi lamang para sa ating pang araw-araw na pagkatuto bagkus ito ay mayroon pang mas malalim at makabuluhang benepisyo sa pansarili at panlipunang aspeto. Ang pagbasa ay hindi lamang literal na pagbigkas ng mga titik at pantig na nakalimbag kundi ito ay mahalaga rin sa pagtukoy nang layunin ng ating binabasang mga teksto na nakatutulong upang tayo ay makabuo ng mga idea at pagkatuto na maidaragdag natin sa ating kaalaman.

Sa pamamagitan ng pagbasa, nagkakaroon tayo ng tiwala sa sarili sa pagharap ng mga bagay na ating kahaharapin at nagkakaroon tayo ng kakayahang humusga sa mga bagay na ating nakikita. Katulad na lamang sa simpleng pagbabasa sa "social media" na kung tutuusin ay napakadaling manipulahin ng mga impormasyong nalilimbag at dito rin natin masasabi na delikado ang bumatay sa ating mga nahihinuha mula sa mga ito. Kaya naman mahalaga na nililinan natin ang ating kakayahan sa pagbasa nang sa gayon ay magkaroon tayo ng kritikal na pag-iisip na makatutulong sa atin upang ating mahusgahan ang isang akda o teksto kung ito ba ay isa lamang opinyon o katotohanan na may matibay at mapagkakatiwalaang ebidensya at sumusuportang mga detalye. Ang pagbasa ay dapat ipinamamalas at nililinan sa matalinong paraan upang magdulot din sa atin ng tamang kaalaman at seguridad na hindi lamang tayo basta nangangalap ng impormasyon bagkus ay nagkakaroon

pa tayo ng pagkakataon na malinang ang kakayahan natin sa tamang pagraron at kritikal na pagdedesisyon sa anumang aspeto ng ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Samantalang ang kahirapan sa pagbasa ay hadlang o hamon sa mga kabataang hindi lamang sa elementarya at maging sa sekundarya. Isa ito sa ilan sa mga pagsubok na kinakaharap ng mga guro. Ito ay mahirap na antas ng kanilang pagkatuto dahil sa 'di maagang namulat sa ganitong proseso. Kinakailangang mamulat sa pagbasa ang mga kabataang ngayon at mabigyang pansin dahil isa ito sa dapat matutunan ng isang indibiduwal sa pagkamit ng ninanais sa hinaharap. Mahalaga rin na mabigyang gabay ang mga ito upang lubos nilang maunawaan ang proseso ng pagbabasa at kahalagahan nito.

Ayon kay Milan (1998) mayroong ilang mahahalagang kasanayan sa pagbabasa. Una ay ang pag-unawa at pagkakabisado. Sa ganitong kakayahan, ang mambabasa ay dapat na maunawaan ang teksto at kabisaduhin ang kanilang nabasa. Upang maitaguyod ang pang-unawa at pagkakabisado, maaaring tukuyin ng mga mag-aaral ang pangunahing ideya ng mga talata, ang layunin ng pagbabasa, pag-unawa sa pangunahing ideya, ang pagkakaiba sa pagitan ng mga pangunahing ideya at mga detalye. Ikalawa ay ang pagkilala at konklusyon. Ikatlo ay ang kritikal na pag-iisip at pagsusuri. Sa ganitong kakayahan, dapat kilalanin ng mga mambabasa ang teksto na kanilang binasa, kung ito ang teksto ng katotohanan o opinyon.

Ayon naman kay Lundahl (1998) ang pagbabasa ay isang komplikadong kasanayang nangangailangan ng maraming oras at kasanayan upang bumuo ng ilang karagdagan sa mga praktikal na kasanayan ng paglalagay ng mga titik at pagsasama-sama ng mga ito sa mga salita, ay dapat ding maunawaan kung ano ang nabasang teksto. Kaya kung walang pag-unawa sa mga teksto na nabasa, walang aktwal na pagbabasa at walang pag-unawa sa binabasa. Kapag ang unang layunin sa pagbabasa ay nakamit, kailangan ng isang tao na magdagdag ng mga elemento sa proseso ng pagbabasa upang maging isang mahusay na mambabasa.

Ang *Reading Strategies* ay isang mabuting kasanayan sa pagbabasa na unang kailangan tungo sa tagumpay sa edukasyon at sa pang-araw-araw na trabaho. Gayunpaman, ang pakikipamahagi sa pagbabasa at tamang estratehiya ay ang susi sa pagtatamo ng kasanayan. Pakikibahagi sa pagbabasa ay tiyak na nakakaimpluwensya sa galing ng pagbabasa ng mag-aaral. Maaari nitong malaman kung hanggang saan ang kakayahang magbasa ng mga mag-aaral sa panghinaharap kung saan ito'y makatutulong upang maging matagumpay sa buhay (Astrid 2016).

Noong ika-25 ng Oktubre 2011, itinalaga ng Kagawaran ng Edukasyon ang Division Memorandum No. 244 na nagdeklarang Nobyembre ang buwan ng pagbasa na gaganapin taon-taon. Ito ay para mapaunlad pa ng mga mag-aaral ang kanilang mga kasanayan sa pagbabasa na maglalayong magkaroon ng mataas na antas ng kaalaman. Kaakibat ng pagbabasa ang komprehensyon ng mga mag-aaral sa interpretasyon ng kanilang binasa. Ika-29 ng Nobyembre taong 2018, itinalaga naman ang DepEd Memorandum No. 175, s. 2018 bilang Pambansang Buwan ng Pagbasa para sa mga pampubliko at pribadong paaralan sa ating bansa. Layunin nitong ipagdiwang ang pagkakaiba-iba ng mga mag-aaral at kultura sa pamamagitan ng pagbabasa.

Ang gawain ng mga guro sa proseso ng pagpapayabong ng kaalaman ay hindi mapapasubalian, upang madaling makamit ang pinakamataas na pagpapabuti ay nanangailangang siya ay maging maalam o edukado at maging parte ng komunidad ng pag-aaral. (Steiner, 2010).

Ayon naman kay Saucer (Ranco, 2002). Ang kasanayan sa pagbasa ay isang batayan upang ang mga mag-aaral ay magtagumpay sa kanilang pag-aaral. Ang pagbasa bilang kasangkapan sa pagtuturo ay siyang susi at katunugan kaya dapat maging layunin na matulungan ang mga mag-aaral na magkaroon ng kakayahang bumasa. Matutulungan silang magkaroon ng kawili-wiling pagbasa at mapatunayan na ang pagbasa ay isang paraan ng pagkatuto.

## II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pag-aaral na ito na mabatid at matukoy ang mabubuting gawi sa pagbibigay kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School.

Upang maisagawa ang nabanggit na layunin, bumuo ang mga mananaliksik ng tiyak na layunin.

1. Ano-ano ang mga mabubuting gawi sa pagbibigay kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School?
2. Nakapagbibigay ng mga estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa.

## III. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga kahulugan ng mga pag-aaral na ginawa. Nagbibigay rin ng higit na malinaw na kaalaman ang mga literatura at pag-aaral na inilakip sa pananaliksik na ang motibo ay madagdagan ang kaalaman ng mga mambabasa, lalo na ang mga kasama sa bahaging kahalagahan ng pag-aaral. Mayroon ding mga bahagi na magkapagbibigay-ambag sa napapanahong mga isyu partikular na sa larangan ng edukasyon. Ang pagbasa ay nagbibigay ng impormasyon na nagiging daan sa kabatiran at karunungan ng isang mambabasa. Ito'y isang aliwan, kasiyahan, pakikipagsapalaran, paglutas sa mga suliranin.

**Pagbasa**

Ayon kay Akyol et al., (2014), Ang bilis ng pagbasa ay may kaugnayan sa awtomatikong pagiging epektibo ng mga mambabasa ng pagkilala sa salita. Ang Automaticity ay ang kakayahang maayos maipahayag ang mga salita sa teksto nang mabilis na may kaunting kognitibong pagsisikap. Ito ay siyang natatamo kapag ang mag-aaral ay dalubhasa o sanay na sa pagbasa. Ito rin ang siyang dapat taglay na ng mga mag-aaral ng Grade 7 Sekundarya.

Ayon kina Mansoor Channa at Zaimuariffudin Nordin (2014), ang ginagampanang papel ng mga guro ay mahalaga sa paglinang sa kakayahan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Datapwa't ang mga guro ang isa sa magsisilbing hakbang sa pagpapabuti at paghahasa ng pagbasa ng mga mag-aaral.

Ayon kina Scott Kissau at Florian Hiller (2013), sa pagtugon sa internasyonal na pag-alala tungkol sa mahinang kasanayan sa pagbabasa ng mga kabataang mag-aaral, ang mga guro ng mga mag-aaral na ito ay hinihikayat na isama sa paggamit ng pag-unawa sa pagbasa sa kanilang silid-aralan. Para madagdagan ang posibilidad ng mabisang paggamit ng estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa sa mga paaralan, ang mga guro sa lahat ng larangan ay nangangailangan ng malawak na pagsasanay gamit ang mithiing mga pamamaraan na kapaki-pakinabang sa kanilang tanging lugar ng pagkadalubhasa. Ang problema sa pagbabasa ng kabataan ay isang pangkalawakang problema na nangangailangan ng malaking partisipasyon at kontribusyon mula sa mga guro. Ang estratehiya rin sa pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral ay nakakaapekto sa kanilang pagkatuto.

Ayon kay M. Luthfi Ariyanto (2011; IAIN Sunnan Ampel), sa pamamagitan lamang ng pagbabasa, maaaring matamo ng mga tao ang bilis at kasanayan ng kanyang kakailanganin para sa praktikal na layunin kapag umalis na siya ng paaralan. Sa ating edukadong lipunan, mahirap isipin na may mataas na trabaho na hindi nangangailangan ng kakayahan sa pagbasa. Labis na mahalaga ang kakayahan na ito sa araw-araw lalo na sa paghahanap ng trabaho at sa pagtatrabaho.

Ayon din kay Ness (2009), Programme for International Students Assessment), ang kakayahan ng mga mag-aaral na unawain ang kanilang binasa ay tunay na interdisciplinaryong kakayahan. Ang matibay na kakayahan sa pag-unawa sa binabasa ay kritikal na hudyat sa tagumpay ng mga mag-aaral sa mga silid-aralan ng ika-21 na siglo. "Samakatuwid, ang kakayahan na magbasa ay labis na mahalaga, lalo na sa pagsabay sa makabagong mundo at paraan sa pag-aaral sa siglo ngayon".

**Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbabasa**

Ang pagtuturo ng pagbasa ay isang mahalagang aspekto ng edukasyon. Ang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa ay isa sa mga instrumentong kailangan ng isang guro para sa kalinangan ng kanilang mga mag-aaral sa pagbabasa. Marami ng mga estratehiya o mabubuting gawi sa pagtuturo ng pagbasa ang napatunayang naging epektibo sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa.

May ilang mga mananaliksik na nagsagawa ng pagsusuri ukol sa mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa at ang mga epekto nito sa pag-unlad ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Narito ang mga sumusunod:

Ayon kay Goodman (1969), ang pagbasa ay nagiging makahulugan kung may interaksyon ang mambabasa at ang teksto. Kapag tayo'y nagbabasa, ang mga istrategiya natin sa pag-unawa ang dagliang nagbubunsod sa atin upang maiugnay ang ating kaalaman at mga karanasan sa mga impormasyon sa teksto upang makabuo tayo ng isang pagpapakahulugan. Ang pag-unawa/komprehensyon ay isang masalimuot na prosesong pangkaisipan. Hindi ito matututunan sa isang upuan lamang. Nangangailangan ito ng tuloytuloy na pag-aaral at paggamit. Samakatuwid, sa interaktibong pananaw ng pagbasa, ito ay nagbibigay ng pangunahing diin sa paggamit ng dating kaalaman (iskema) at konsepto sa paligid. Ang bawat yugto ng gawaing pagbasa ay kakikitaan ng aktibong partisipasyon ng mambabasa.

Ayon naman kay Coady, ang kakayahang pangkaisipan ay ang panlahat ng kakayahang intelektwal ng isang tagabasa. Ang mga estratehiya sa pagpoproseso ng impormasyon ay iyong may kinalaman sa paggising ng mga impormasyong nasa isipan ng tagabasa gaya ng kaalamang semantika; impormasyong tungkol sa daigdig, hal. Mga konsepto, ideya karanasan at iba pa), kaalamang sintaktika (impormasyon tungkol sa wika, halimbawa, ang pagbuong pangungusap at batayang hulwaran) at kaalaman sa ugnayan ng dating kaalaman ay binubuo ng lahat ng karanasan at impormasyong nasa isipan ng tagabasa na maaaring gamitin bilang pantulong kung sakaling may kahinaan ang tagabasa sa kaalamang sintaktik.

Batay sa isinagawang pananaliksik sa “*Effects of Different Types of Reading Instruction on Reading Skills and Attitudes*” (2012) ni Isabelle Y. Liberman et al. - Isang pananaliksik na nagpapakita ng mga ebidensya mula sa isang pangmatagalang pag-aaral tungkol sa epekto ng iba't ibang uri ng pagtuturo ng pagbasa sa pag-unlad ng mga kasanayan sa pagbasa at ang mga saloobin ng mga mag-aaral. Natuklasan nila na ang mga estratehiyang nagbibigay-diin sa mga phonic skills at iba pang teknikal na aspeto ng pagbasa ay nagdudulot ng mas mataas na pag-unlad sa pagbasa kumpara sa mga pamamaraang nakatuon lamang sa kahulugan ng teksto.

Ang mga nabanggit na pananaliksik o pag-aaral ay ilan lamang sa mga pag-aaral na nagpapakita ng epekto ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa.

#### IV.METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalahad at nagsusuri ng mga datos upang maitatag ang mga mabubuting gawi sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School. Ang pagtatalakay na natuklasan ay inilalahad ayon sa ayos ng paglalahad ng mga katanungan sa Kabanata I.

##### Disenyo at Paraan ng Pananaliksik

Ang mga mananaliksik ay bumuo ng isang sarbey upang matukoy ang mga mabubuting gawi sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School.

Sa pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay gumamit ng Deskriptibong Pananaliksik o ang paraang *Qualitative Research* na ang mga datos ay nagpapaliwanag ng kanilang pananaw tungkol sa paksang napili dahil ito ay naglalayon na makahingi ng opinyon o mga bagay na may kaugnayan o nagpapabago sa iba't ibang tao. Ang mga nasabing kalahok ay mula sa tatlong paaralang ito; Mampang National High School, Ayala National High School at ICAS de Calarian na matatagpuan sa lungsod ng Zamboanga. Sa kabuoan, ito ay binubuo ng tatlumpu't anim (36) na mga kalahok.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng talatanungan o *survey questions* bilang pangunahing instrument o pamamaraan sa pagkalap ng mga impormasyon o datos na ginamit sa pag-aaral na ito. Nagsagawa ang mga mananaliksik ng talatanungan upang makuha ang mga mabubuting gawi sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School. Sa pamamagitan nito malalaman kung ano ang mga epektibong estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng pagbasa.

##### Resulta at Pagtatalakay

Sa pag-aaral na ito ay nakalap ang mga estratehiyang ginamit at nagbigay-kasugatan sa kung aling estratehiya o gawi ang naging epektibo sa paglinang ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Ang mga impormasyong nasa ibaba ay ang naging batayan ng pag-aaral o pananaliksik na ito upang maipabatid sa mga mambabasa ang pinaka-epektibong estratehiya o gawi na maaaring gamitin sa pagtuturo ng pagbasa.

##### Katanungan Bilang 1. Ano-ano ang mga mabubuting gawi sa pagbibigay kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School?

Batay sa ginawang *Thematic Coding* ng mga mananaliksik mayroong apat na temang natuklasan o nabanggit ang mga kalahok ukol sa estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa na kanilang napatunayang epektibo upang malinang ang kakayahan o kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa Junior High School.

Lumabas na sa talumpu't anim (36) na kabuoan, dalawampu (20) sa kanila ang nagsabi na ang SQ3R ang pinaka-epektibong estratehiya sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa. Ayon kay kalahok 4, napatunayan niyang epektibo ang SQ3R sapagkat “Ang SQ3R ay isang mabisang estratehiya/gawi sa pagbasa angkop ito sa pagbabasa ng maikling kwento at ibang mga tekstong tuluyan. Mahalaga ang ginagampanang papel ng pagbasa sa paglinang ng talino at kaisipan ng mag-aaral. Sa pagbabasa nagiging ganap ang pagkatao ng isang nilalang. Nakatutulong ang mga mabubuting gawi upang mapalawak ang pananaw ng mambabasa sa tekstong kanyang binabasa”. Ganito rin ang nabanggit ng mga Kalahok 1, 5, 6, 7, 8, 9, 12, 14, 18, 19, 26, 28, at 34, “ang SQ3R ay mas mabisa sapagkat mas mapapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral sa tekstong binabasa habang sinusuri nito ang teksto. Mas higit nilang maiintindihan ang kanilang binabasang teksto kung habang binabasa o nagbabasa, ay sinusuri at inuunawa na ang nilalaman nito”. Binanggit din ng mga kalahok 23, 24, 30, 31, 32 at 33, “ang SQ3R ay isang epektibong estratehiya sa paglinang ng kaalaman ng isang mag-aaral. Sa pamamagitan ng isang sarbey ukol sa “*prior knowledge*” ng isang mag-aaral sa isang basahin, mas lalong maengganyo ang mga mag-aaral na alamin ang tungkol sa kuwento. Sa pagtatanong naman, napupukaw ang kuryosidad ng mga mag-aaral ukol sa isang babasahin. Mas lalo ring nageenganyo ang mga mag-aaral na mag-*recite* kung nagkakaroon sila ng idea ukol sa araling binasa”.

Ang ikalawang estratehiya na nabanggit ng mga kalahok na naging epektibo sa kanila ay ang estratehiyang *Marungko Approach* na kung saan siyam (9) mula sa kabuoang kalahok ang nagpatunay. Sa katunayan ay nabanggit ni kalahok 10 na, “ang paggamit ng marungko ay tumutulong sa mga mag-aaral na nagsisimula pa lang sa pagbasa”. Ganito rin ang naging pahayag nina kalahok 2, 11, 13, 15, 16, 25, 27, at 35, nabanggit na “ang marungko approach ay unang estratehiya upang sanayin ang bata sa pagbigkas ng tunog ng bawat letra”.

Nabanggit din ang estratehiyang *Peer Teaching*, pito (7) sa mga kalahok ang sumagot nito. Ayon kina kalahok 3, 20, 21, 22, at 36, na sinasabing “ang estratehiyang ito ay nakatutulong upang unti-unting mapaunlad ng isang mag-aaral ang kanyang pagbasa, mas maigi na maging katuwang niya ang kanyang kaklase sa pagababasa”.

Samantala, lumabas din sa sarbey na may dalawang (2) kalahok ang nagbanggit na mabisang estratehiya ang paggamit ng *Graphic Organizer*. Ito naman ay ayon kina kalahok 17 at 29, sinasaad nito na “ang paggamit ng *graphic organizer* sa pagmapa ng mga elemento ng isang materyal. Ang ganitong mga gawi ay nag-iimprove sa kasanayan ng mga estudyante sa pagbasa”.

### **Katanungan Bilang 2. Nakapagbibigay ng mga estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa.**

Gamit pa rin ang *Thematic Coding* lumabas sa surbey na may apat (4) na temang natuklasang epektibo sa paglinang nang pag-unawa sa pagbasa. Mayroong kabuoang talumpu't anim na kalahok (36), ang sumagot sa estratehiya sa pag-unawa sa pagbasa. Sa sarbey ay nanguna ang estratehiyang SQ3R na kung saan labintatlo (13) ang sumagot. Ayon kay Kalahok 1, “Ang SQ3R na kung saan na nangangahulugang survey, question, read, recite and review ay isang estratehiyang napatunayan nang epektibo sa paglinang sa kahusayan ng isang mambabasa. Maliban dito, ito ay isang estratehiya na nakalilalang sa pag-unawa ng isang mag-aaral sa kanyang tekstong binasa.” Ito rin ang estratehiyang binanggit nina kalahok 4, 5, 6, 7, 8, 16, 19, 20, 22, 27, 28, 35, at 36, na “ang estratehiyang ito ay mas mabisang gamitin sapagkat ang mga mag-aaral ay makakaroon ng tuwirang interaksyon sa pagitan ng mambabasa at ng teksto. Pagtutuunan ng pansin ng mag-aaral ang nilalaman o mensahe ng teksto habang nagbabasa. Mas mapapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral at mas mahahasa ang kanilang pag-iisip dahil sa estratehiyang ito, huhulaan nila ang susunod na pangyayari sa teksto at babasahin at intindihin ang nilalaman nito”.

Pumangalawa naman ang estratehiyang *Story Mapping* na kung saan siyam (9) sa mga kalahok ang sumagot. Ayon kay kalahok 32, “Ito ay nakatutulong sa mag-aaral upang malaman ang mga elemento ng isang tekstong naratibo, sa pamamagitan nito natutukoy ang mga tauhan, tagpuan, pangyayari, at maging ang solusyon sa isang suliranin. Ganito rin ang estratehiyang nabanggit nina kalahok 2, 12, 13, 15, 23, 24, 29, 30, at 31, na “ito ay nakatutulong sa paggawa ng buod ng isang kuwento at sa pamamagitan nito mas mapapadali ang gawain ng isang mag-aaral”.

Sumunod ang estratehiyang Sabayang Pagbasa na walo (8) sa mga kalahok ang siyang sumagot. Binanggit ni Kalahok 26, na “mainam na estratehiya rin ito dahil nagagamit sa mga bata na magkaroon ng mabilis na pag-iisip at madali nilang maisaulo ang binabasang akda.” Ipinahayag din nina kalahok 3, 14, 17, 18, 21, 25, at 34, na “masasabing epektibo ito sapagkat mabilis matututo ang mga mag-aaral dahil naririnig nila sa kanilang kaklase ang tamang bigkas ng mga salita”.

Lumabas din sa sarbey na anim (6) ang sumagot ng estratehiyang *Marungko Approach*. Mula kay kalahok 11, ang paggamit ng estratehiyang ito ay “kung hindi pa talaga marunong magbasa ang isang bata, simulan ang pagtuturo sa mga tunog. Kinakailangang magkaroon ng *phonological awareness* muna ang bata patungo sa pagpapalawak ng talasalitaan, tatas, at patungo sa paglinang ng pag-unawa sa pagbasa. Maglaan ng mga gawaing magpapalinang ng kakayahan ng mga bata na sinusunod ang tamang proseso hinggil dito”. Ayon naman kina kalahok 8, 9, 10, 13, at 33, “ang estratehiyang ito ay epektibo sa sekundaryang mga mag-aaral sa mga maikling kuwentong babasahin nakatutulong ito upang masagot ang mga tanong na may sino, ano, saan, kailan at paano”.

### **V.KONKLUSYON**

Mula sa mga datos na nakalap ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng sarbey binibigyan kongklusyon ng pag-aaral na ito na ang mga guro ay mayroong iba't ibang uri ng mga estratehiyang ginagamit upang malinang ang pag-unawa sa pagbasa.

Marahil ang ganitong pangyayari ay dahil sa hindi magkakatulad ang mga mag-aaral na mayroon ang bawat silid-aralan, magkakaiba rin ang antas ng pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral sa paglinang ng pagbasa.



Gaya ng nabanggit sa Teoryang Top-Down (pagsusuri mula sa tuktok pababa) na kung saan ang mga mag-aaral o mambabasa ay gumagamit ng kanilang mga naunang kaalaman at konteksto upang bigyan ng kahulugan ang mga salita at tekstong kanilang binabasa. Dahil dito ay nagiging aktibo ang kanilang naunang kaalaman, gayundin ang kanilang pangunahing ideya, pagsasagawa ng mga prediksyon, pag-unawa at iba pa.

Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang Teoryang Top-Down ay nagbibigay-diin sa papel ng mga pampagkaunawa ng mga mambabasa, maging sa kanilang kaalaman at karanasan sa pag-unawa ng teksto.

### REKOMENDASYON

Buong pagpapakumbaba ring iminumungkahi ng mga mananaliksik ang mga sumusunod:

#### A. Para sa mga Guro

1. Sapagkat ang mga kalahok ay mayroong nabanggit na mga mabubuting gawi, inirerekomenda ng mga pag-aaral na ito na maibahagi ng mga guro ang mabubuting gawi upang magamit din ito ng ibang mga guro at sa iba pang mga paaralan.
2. Sapagkat ang mga kalahok ay mayroong nabanggit na mga mabubuting gawi, inirerekomenda ng mga pag-aaral na ito na maibahagi ng mga guro ang mabubuting gawi upang magamit din ito ng ibang mga guro at sa iba pang mga paaralan.
3. Gamitin ang pananaliksik na ito upang makatulong at maging gabay sa mga guro ang datos na nailahad sa pagtuturo ng pagbasa upang maging mas epektibo at maging interesado ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto ng pagbasa na siyang isa sa pinakakailangan nilang matutunan sa larangan ng pag-aaral.
4. Himukin ang mga guro na paigtingin ang pagtuturo ng pagbasa upang hindi mahirapan sa pagbasa ang mag-aaral nang may pag-unawa. Pag-aralan at palawakin pa ang iba pang estratehiya sa pagbasa at iba pang saklaw ng pag-aaral na ito upang makuha ang mas malaki at mataas na antas ng pananaw at opinyon ukol dito.
5. Minumungkahi rin ng mga mananaliksik na ang mga guro ay maging *consistent* at magkaroon ng pasensiya at dedikasyon sa kanilang pagtuturo gamit ang iba't ibang estratehiya upang ganap na matuto ang mga mag-aaral na bumasa na may pag-unawa na kanilang magagamit sa kasalukuyan at hinaharap.

#### B. Para sa mga Mag-aaral

1. Sanayin ang sarili sa pagbabasa ng mga akda o aklat na makatutulong upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbabasa ng teksto at pagpapalawak ng karunungan o kaalaman at pag-unawa.
2. Bigyan ng hangganan ang paggamit ng mga gadgets na hindi nakatutulong sa paglinang ng pagkatuto at kasanayan sa pagbasa ng teksto. Iwasan ang paggamit ng gadgets na nakasasama at nagiging rason ng kawalan ng pokus sa pag-aaral.
3. Maglaan ng sapat na panahon sa pagbabasa ng mga teksto o akda at sanayin ang sarili sa pagbabasa upang matulungan ang iyong sarili na matutong bumasa at umunawa sa binasa.

#### C. Para sa mga Magulang

1. Inirerekomenda ng pananaliksik na ito na gabayan ang inyong mga anak sa pagkatuto ng pagbasa bilang pinakatuturing na unang naging guro ng mga mag-aaral.
2. Maglaan ng sapat na panahon upang gabayan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga gadgets na siyang isa sa nagiging sanhi minsan sa pagkawala ng interes ng mag-aaral sa pagbabasa. Kung maaari ay bigyang-pansin at paglaanan ng atensyon ang mga mag-aaral tungo sa kanilang pagkatuto.

### SANGGUNIAN

- [1] Akyol, H., Çakıroğlu, A., & Kuruyer, H. G. (2014). Isang pag-aaral sa paglinang ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagbasa: Pagpapayaman. . . *ResearchGate*. [https://www.researchgate.net/publication/262289985\\_A\\_Study\\_on\\_the\\_Development\\_of\\_Reading\\_Skills\\_of\\_the\\_Students\\_Having\\_Difficulty\\_in\\_Reading\\_Enrichment\\_Reading\\_Program](https://www.researchgate.net/publication/262289985_A_Study_on_the_Development_of_Reading_Skills_of_the_Students_Having_Difficulty_in_Reading_Enrichment_Reading_Program)
- [2] Atanacio, H. (2009). Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. C & E Publishing, Inc.
- [3] Ang epekto ng lexical simplification sa pagbasa ng mga teksto sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa ikalawang taon ng SMA Negeri 1 Krian - Digilib UIN Sunan Ampel Surabaya. (2011). <http://digilib.uinsa.ac.id/19902/>
- [4] Channa, M. A. (2014). Pagbuo ng Pag-unawa sa Pagbasa sa pamamagitan ng Metacognitive Strategies: Isang Pagsusuri ng Nakaraang Pag-aaral. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1075507>,

- [5] [https://www.oecd.org/PiSa/PISAproducts/PISA%202012%20Technical%20Report\\_Chapter%201.pdf](https://www.oecd.org/PiSa/PISAproducts/PISA%202012%20Technical%20Report_Chapter%201.pdf). (2009).  
[https://www.oecd.org/pisa/pisaproducts/PISA%202012%20Technical%20Report\\_Chapter%201.pdf](https://www.oecd.org/pisa/pisaproducts/PISA%202012%20Technical%20Report_Chapter%201.pdf).
- [6] <https://www.scribd.com/document/526839213/Ang-Pagtuturo-Ng-Pagbasa>
- [7] Kissau, S., & Hiller, F. (2013). Mga Estratehiya sa Pag-unawa sa Pagbasa: Isang internasyonal na paghahambing ng mga Kagustuhan ng guro. *Pananaliksik sa Comparative and International Education*, 8(4), 437–454. <https://doi.org/10.2304/rcie.2013.8.4.437>
- [8] Letaban, B. (2020). Estratehiya sa Pagtuturo ng Pagbasa. <https://youtu.be/smsJ5ZwIq34>. YouTube
- [9] Perez, H. (2002). Pagpapaunlad sa kakayahan sa maunawang pagbasa Ng mga mag-aaral Ng Grade 8 sa pamamagitan ng estratehiyang sama-samang Pagkatuto.
- [10] Rose Simbulan (2010) Ang pagtuturo ng pagbasa
- [11] Santos, J. (2002). Programa sa Pagbasa sa Filipino: Bisa sa Paglinang sa Pag-unawa.
- [12] Steiner, L. (2010). Using Competency Based Evaluation for Teacher Excellence. North Carolina